

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
BATANGAS CITY

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE
MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY
ON FEBRUARY 9, 2021 AT THE SANGGUNIANG SESSION HALL

PRESENT:

Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr.,	Presiding Officer
Hon. Alyssa Renee A. Cruz,	Councilor
Hon. Nestor E. Dimacuha,	“
Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted,	“
Hon. Gerardo A. Dela Roca,	“
Hon. Nelson J. Chavez,	“
Hon. Julian B. Villena,	“
Hon. Michael Thomas T. Pastor,	“
Hon. Isidra “Ched” M. Atienza,	“
Hon. Maria Aleth A. Lazarte,	“
Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr.,	“
Hon. Angelito “Dondon” A. Dimacuha,	ABC-Rep.
Hon. Marjorie A. Manalo,	SK-Fed. Pres.
Hon. Aileen Grace A. Montalbo, (O.B.)	Councilor
Hon. Oliver Z. Macatangay, (O.B.)	“

“On motion of Councilor Angelito Dondon Dimacuha seconded by Councilor Gamboa, the following Resolution was Adopted:

RESOLUTION NO. 35 S. 2021

ADOPTING THE REPORT OF THE COMMITTEE ON BARANGAY AFFAIRS AND
APPROVING BARANGAY ORDINANCE NO. 2 S. 2020 OF BARANGAY DUMUCLAY,
BATANGAS CITY


RESOLVED, to adopt the report of the Committee on Barangay Affairs and the recommendations stated therein and approving barangay Ordinance No. 2 S. 2020 of Barangay Dumuclay, Batangas City entitled: “Ordinansang Nagbabawal sa Lahat na Mag-ingay o Gumawa ng Sobrang Ingay sa Araw na may pasok ang mga estudyante mula sa araw ng Lunes hanggang Sabado.”

UNANIMOUSLY APPROVED.”

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 35 S. 2021 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on February 9, 2021.


LUNINGNING A. AQUINO
Board Secretary III

NOTED:


ATTY. OLIVA D. TELEGATOS
Secretary

ATTESTED:


EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE, JR.
Presiding Officer



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Batangas
Lungsod ng Batangas
BARANGAY DUMUCLAY

SANGGUNIANG BARANGAY

**ORDINANSA NG BARANGAY BILANG 02
SERYE NG 2020**

**ORDINANSANG NAGBABAWAL SA LAHAT NA MAG-INGAY GUMAWA NG SOBRANG
INGAY SA ARAW NA MAY PASOK ANG MGA ESTUDYANTE MULA SA ARAW NG
LUNES HANGGANG SABADO**

SAPAGKAT, dahil sa panahon ngayon ng pandemya, ang lahat ng mga mag-aaral mula Elementarya hanggang Kolehiyo ay sa bahay gumagawa ng kanilang aralin o leksyon;

SAPAGKAT, marami sa mga Estudyante at mga Guro ang nasisira ang konsentrasyon sa pag-aaral at pagtuturo dahil sa sobrang pag-iingay ng kani-kanilang kapitbahay;

SAPAGKAT, maraming nakatira sa Barangay ang walang habas na nagpapatunog ng radio o stereo kasama na rin ang sigawan o sobrang lakas na tawanan;

NGAYON DAHIL DITO, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob ng batas, pinagtibay ng Sangguniang Barangay ng Dumuclay, Lungsod ng Batangas ang mga sumusunod:

SEKSYON 1. TITULO. Ang Ordinansa ay may titulong PAGBABAWAL SA LAHAT ANG PAG-IINGAY O PAGGAWA NG SOBRANG LAKAS NA INGAY SA ARAW NA MAY PASOK ANG MGA ESTUDYANTE.

SEKSYON 2. NASASAKLAW. Saklaw ng Ordinansang ito ang lahat ng nakatira sa Barangay Dumuclay na sobrang gumawa ng ingay.

2.1. Ang lahat na nagpapatunog ng sobrang lakas ng radio o stereo paggamit ng mga malalakas na instrumentong pangmusika, kasama na ang pagvivideoke. Ang tunog o ingay ay masasabing "sobrang lakas" kung ito ay normal na maririnig sa layong 50 metro mula sa pinagmumulan, o sa kabila ng sapat na harang o pader ay naririnig pa rin ng malakas o sa kabila ng hindi paggamit ng mikropono at speakers ay naririnig pa rin ng malakas sa sapat na layo mula sa pinagmulan;

2.2. Ang sobrang lakas na sigawan o tawanan lalo na sa gabi;

SEKSYON 3. KARAPATAN NG MGA TAGA-DUMUCLAY. Karapatan ng mga Mamamayan ng Dumuclay lalo na ng mga mag-aaral at mga guro na makapag-aral o makapagturo ng tahimik at maayos, maging ito man ay sa paraang module o internet;

SEKSYON 4. HINDI SAKLAW

1. Ang mga tunog ng makinarya na ginagamit sa hanapbuhay tulad ng construction equipment, grinder, welding machine, powersaw, mixer, at iba pang kauri nito ay hindi saklaw ng ipinagbabawal ng Ordinansang ito. Subalit ito ay maaari lang gamitin sa ganap na ika-11:00 ng umaga hanggang ika-1:00 ng hapon at sa ganap na ika-3:00 hanggang ika-5:00 ng hapon.
2. Ang mga pagawain ng Gobyerno kagaya ng karsada, tulay at iba pang kauri nito ay hindi saklaw ng nasabing oras, sapagkat ito ay para sa kapakinabangan ng mga tao;
3. Ang araw ng Linggo ay hindi sakop ng nasabing Ordinansa subalit ito ay hanggang ika-10:00 lamang ng Gabi.

SEKSYON 5. KONDISYON. Ang sinumang tao sa barangay na magdadaos ng espesyal na okasyon na nangangailangan ng mga instrument o kagamitan na maaaring magdulot ng ingay ay maaaring payagan sa kondisyon na siya ay kukuha ng Permit sa Barangay, at maaaring italaga ng barangay ang lugar o oras na papayagan ang okasyon.

Ang Punong Barangay ay may kapangyarihan na magbigay o hindi magbigay ng permit para sa tinutukoy na espesyal na exemption na ito sang-ayon sa sitwasyon;

SEKSYON 6. MGA KAPARUSAHAN O MULTA SA LAHAT NG PAGLABAG

- 6.1. Unang Paglabag. Pagsasabihan muna ng Barangay Tanod o Kagawad na nakakasakop;
- 6.2. Ikalawang Paglabag. Multa na P300.00 piso;
- 6.3. Ikatlong Paglabag. Multa na P500.00 piso

SEKSYON 7. TALATANG NAGPAPAWALANG BISA. Ang Ordinansang ito ay mapapawalang bisa sakaling bumalik ang mga Estudyante sa Paaralan at tuluyang bumalik sa normal ang pamumuhay ng lahat ng mga taga-Barangay Dumuclay.


- 7.1 Lahat ng Probisyon ng anumang Ordinansang Pambarangay, Resolusyon o Atas Pampangasiwaang Pambarangay na sumasalungat o hindi umaayon sa Ordinansang ito ay mababago o mapapawalang bisa;


SEKSYON 8. TALATANG NAGBUBUKOD. Kung sa anumang dahilan at ang alin mang bahagi ng Ordinansang ito ay mapatunayang labag sa Saligang Batas o mapawalang bisa ang mga bahagi nito na hindi saklaw ng paglabag ay magpapatuloy sa pagkabisa.


SEKSYON 9. PAGKAKABISA. Ang Ordinansang ito ay magkakabisa matapos ang 10 araw mula sa pagpapatibay dito ng Sangguniang Panlungsod.


PINAGTIBAY ng Sangguniang Barangay ng Dumuclay, Lungsod ng Batangas, ngayong ika-23 ng Nobyembre, 2020.

MGA NAGPATIBAY:



JOSEFINA C. ATIENZA
Kagawad ng Barangay



ELMER R. ABUAN
Kagawad ng Barangay


ROMEO A. MACATANGAY
Kagawad ng Barangay


ROLAND G. BATHAN
Kagawad ng Barangay


JULIETA C. PITEL
Kagawad ng Barangay


ARIEL D. DELEN
Kagawad ng Barangay



ESPERIDION T. GABIA
Kagawad ng Barangay


LENY C. DAGLI
SK Chairperson


LEONIDES D. LANDICHO
Punong Barangay

SERTIPIKASYON

Ito ay nagpapatunay na ang Ordinansang Pambarangay na ito ay ipinaskil sa Barangay Hall at sa mga hayag na lugar sa Barangay Dumuclay sa loob ng tatlong (3) sunud-sunod ng linggo ayon sa Seksyon 511 ng Local Government Code of 1991.


RACHELLE O. ANDAL
Kalihim ng Barangay